

SB File
7

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-27 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 HULYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 057
Taong 1999

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAGBATI SA IGLESIA NI CRISTO SA KANILANG PAGDIRIWANG NG IKAWALUMPU'T LIMANG TAONG PAGKAKATATAG SA HULYO 27, 1999.

- SAPAGKA'T ang pagsapit ng araw ng pagkakatatag ng isang samahan, pansibiko man o pang-relihiyon ay isang okasyong dapat na ipagsaya at ipagdiwang ng mga taong-sangkot o mga kaanib nito;
- SAPAGKA'T higit na maningning at masaya ang ganitong pagdiriwang kung ito'y nakaabot na ng maraming dekada tulad ng sa Iglesia ni Cristo na ngayo'y nasa ikawalumpu't limang taon na ng pagkakatatag;
- SAPAGKA'T sa kagalakan ng mga miyembro ng kapatirang Iglesia ni Cristo ang Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw na ito at umaasang higit pang pagpapala ang kanilang kamtin sa Lumikha.
- Siñel*

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

Siñel

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ng Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ang taupusong pagbati sa Iglesia ni Cristo sa kanilang ikawalumpu't limang taong pagkakatatag ngayong Hulyo 27, 1999 at sana ay magpatuloy pa at lumawig ang kanilang pagtulong at pakikiisa sa pamahalaan para sa kalinangan at ikabubuti ng mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Ministro Armando Casem ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at pamamatnubay.

Pinagtibay ng lahat. 19 Hulyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mercy/